CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 15, 2021
Kontakt: Judeth Luong, Bureau of Environmental Health Manager, 562.570.4104, Judeth.Luong@longbeach.gov

Para sa Agarang Paglabas

Inanunsyo ng Lungsod and Pemanenteng Pagbabawal at Pagpapatupad ng Mga Produktong May Lasa na Tabako Simula Agosto 15

Ang mga mapagkukunan ng mga impormasyon upang tumigil sa paninigarilyo ay abeylabol para sa mga matatanda at kabataan

Long Beach, CA - Simula Agosto 15, ang Ang Departamento ng Kalusugan at Serbisyo Ng Pantao sa Lungsod ng Long Beach ay nagpapatupad ng pagbabawal sa pagbebenta o pamamahagi ng ilang mga produktong may lasa na tabako, upang higit na ma-protektahan ang kalusugan ng publiko. Abeylabol ang mga mapagkukunan ng mga impormasyon para sa mga nais na huminto sa paninigarilyo.

“Ang Lungsod ay nakatuon sa pagprotekta sa mga kabataan at pagsusulong ng kalusugan sa publiko,” sabi ni Alkalde Robert Garcia. “Ang mga produktong ito sa tabako ay direktang na-link sa mga seryosong alalahanin sa kalusugan ng mga doktor at eksperto sa kalusugan.”

Orihinal na dinala sa Konseho ng Lungsod ng Long Beach para sa pagsasaalang-alang sa 2019 ni Konsehala Suzie Price at inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang isang pinalawak na ordinansa noong Abril 13, 2021 na permanenteng nagbabawal sa pagbebenta o pamamahagi ng ilang mga produktong may lasa na tabako upang maprotektahan ang publiko mula sa mga panganib sa kalusugan na kaugnay na may mga produktong may tabako. Habang naging epektibo ang ordenansa noong Mayo 16, mayroong isang 90 araw na pagpapaubaya upang pahintulutan ang mga nagtitingi na sumunod at samakatuwid ang kagawaran ng Kalusugan sa Kapaligiran ng Departamento ng Kalusugan ay magsisimulang ipatupad ang ordinansa sa Agosto 15.

Ang mga may-ari ng negosyo ay responsable para masiguro ang pagsunod sa ordinansa sa loob ng kanilang mga establisyemento. Ang hindi pagsunod ay maaaring magresulta sa ligal na aksyon kabilang ang mga pagsipi, at/o pagtanggi, pag suspinde o pagbawi ng anumang permit. Maaaring tawagan ng mga negosyo ang Programa sa Pagpapatupad sa Pagtitinda ng Tabako sa 562-570-7905 para sa tulong.

“Natutuwa akong mamuno sa pagsisikap na ito sa Konseho ng Lungsod at para sa patakarang ito na sumusulong,” sabi ni Konsehala Price. “Kapag nakakita kami ng mga produktong may lasa na tabako na nakasentro sa mga bata at kabataan na humahantong sa tumataas na tulin ng pagkagumon sa kabataan ay mahalagang protektahan ang kalusugan ng buong komunidad na may diskarte sa sentido kumon.”

Abeylabol ang tulong para sa mga nais na huminto sa paninigarilyo o vaping. Ang mga matatanda at kabataan na nais na huminto sa paninigarilyo at mga magulang ng kabataan naninigarilyo o nag-vape ay maaaring makipag-ugnayan sa Programa sa Pag-aaral at Pag-iwas sa Tabako sa 562-570-7950 para sa mga mapagkukunan ng impormasyon at referral.

Ang mga pag-aaral na inilabas ng Centers for Disease Control at Prevention (CDC) ng Estados Unidos at ng Food and Drug Administration (FDA) ng Estados Unidos ay nagpakita ng mabilis na pagtaas sa paggamit ng mga elektronikong aparato sa paninigarilyo ng mga kabataan na kasama ang isa sa limang kabataan na gumagamit ng mga elektronikong aparato sa paninigarilyo sa 2019. Ang mga produktong may lasa ng tabako ay regular na binebenta sa mga kabataan at minorya. Ayon sa Aklat Talaan ng American Medical Association, 81% porsyento ng mga kabataan na gumagamit ng mga produktong tabako ay pinasimulan sa isang may lasa na produkto.

Ang Programa ng Dibersyon ng Youth Tobacco ng Lungsod ay idinisenyo para sa mga kabataan na naninigarilyo o nag-vape. Ang Kabataan ay maaaring lumahok sa isang 3-sesyon na klase na nag-aalok ng mga tip para sa pagtigil at mga kasanayan sa pagtanggi at impormasyon sa kaugnay na mga panganib sa kalusugan. Ang Programa sa Pag-aaral at Pag-iwas sa Tabako ay pinapabilis din ang isang 7-linggong programa sa pamumuno sa tag-init para sa mga mag-aaral na nasa haiskul na nakatuon sa kung paano nila mapapaganda ang kanilang pamayanan at mga peligro ng paninigarilyo at

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa Programa ng Lungsod Para sa Edukasyon at Pag-Iwas sa Tabako, manyaring bisitahin ang www.longbeach.gov/TREP o tumawag sa 562.570.7950.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

###